tanggapang pang-rehiyon ng Department of Agriculture. Ang STK ay ipinagbibili sa abot kayang halaga. Ang STK (o ang Kit) ay may nakalakip na paliwanag ukol sa paraan ng paggamit ng mga sangkap kemikal. Isinasaad din dito ang tamang paliwanag sa mga resulta ng ginawang pagsusuri.

**Paalala**

Sa paggamit ng STK tiyaking sumangguni sa mga field o soils laboratory technicians. Maaaring may iba pang problema ang lupa sa inyong bukid at kailangan ang iba pang tagubilin mula sa kinatawan ng Bureau of Soils and Water Management.

**BSWM Customer Center**
SRDC Bldg., Elliptical Road, corner Visayas Avenue, Diliman, Quezon City 1100
bswmclientcenter@yahoo.com
FB Page **@theBSWM**
https://www.facebook.com/theBSWM/
Tel. # (63-2) 332-9534

# SOIL TEST KIT (STK)




Department of Agriculture
BUREAU OF SOILS AND WATER MANAGEMENT

# Soil Test Kit

## Isang kapakipakinabang na Gamit ng mga Magsasaka

Ang Soil Test Kit (STK) ay nagtataglay ng mga sangkap na inihanda ng Bureau of Soils and Water Management (BSWM) para magamit ng mga field technicians at mga magsasaka upang pag-aralan ang mga “soil sample” sa bukid. Sa pamamagitan ng kagamitang ito, higit na madaling malaman ang taglay na sustansya at problema ng lupa batay sa kulay na maaaring lumitaw sa soil sample na nasa test tube.



## Mga Pakinabang sa paggamit ng STK

1. Ito’y madaling dalhin, mabisa at matipid gamitin ng mga magsasaka. Ang pagsusuri ng lupa ay maaaring maisagawa doon sa lupa na mismong sinasaka.
2. Inaalam nito ang katabaan ng lupa mismo at ipinaaalam kaagad nito sa mga magsasaka ang kabatiran kung ang lupang taniman ay may sapat na nitroheno, posporo o potasyo.
3. Inaalam din nito ang pH ng lupa o ang taglay na asido at alkalin ng lupa.
4. Sa pamamagitan ng maayos na paggamit ng STK, malalaman ng mga teknisyan at ng mga magsasaka ang mga kailangang pataba na angkop sa mga halamang itatanim sa bukid.



## Saan maaaring makakuha ng STK?

Maaaring makakuha ng STK sa Laboratory Services Division ng Bureau of Soils and Water Management. Ito ay matatagpuan sa Elliptical Road, corner Visayas Avenue, Diliman, Quezon City. Maari ring makabili ng STK sa mga laboratoryong pang-lupa (Soils Laboratory) ng mga